

Sa mga Tagapag-alaga/Magulang,

Toyota City Board of Education

Aplikasyon sa Pinansyal na Suporta para sa Pag-aaral (SHUGAKUENJO)

1 Ano ang programa para sa pinansyal na suporta sa pag-aaral (SHUGAKUENJO)?

Ang programang ito ay magbibigay ng pinansyal na suporta sa mga magulang na mayroong mga anak mula sa unang baitang (Grade 1) ng elementarya hanggang sa ika-3 taon ng Junior high school (3rd Year Junior High school) na nahihirapan sa pagpapa-aral dahil sa pinansyal na mga kadahilanan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga kagamitan sa pag-aaral (school supplies) at school lunch.

2 Sino ang maaaring makatanggap ng tulong ?

- (1) Sa mga taong tumatanggap ng pampublikong tulong o nasa public welfare (seikatsu hogo)
- (2) Sa mga taong napatigil ang pagkuha ng pampublikong tulong o seikatsu hogo
- (3) Sa mga taong nasa mahirap na pangpinansyal na kalagayan (Sambahayan ang kabuuang kita ng mga miyembro ng pamilya ay mas mababa sa limitasyon ng pamantayan sa Lungsod ng Toyota)

3 Pamantayan sa kita (income) (Yen)

Bilang ng mga tao	2 katao	3 katao	4 na katao	5 katao	6 na katao
Net income (Yen)	2,096,000	2,764,000	3,393,000	3,762,000	4,328,000
(Total income)	3,255,000	4,131,000	4,916,000	5,379,000	6,084,000

- ※ Ang kita (income) ay tumutukoy sa halaga ng kita na ibabawas sa withholding tax certificate.
- ※ Pagbabatayan ang kita ng lahat ng miyembro ng pamilya
- ※ Ang halaga na nasa itaas ay sasailalim sa pagbabago ng pamantayan ng social welfare.
- ※ Maaaring mabago ang matatanggap depende sa kakayanan at sitwayon ng sambahayan.

4 Pagsumite ng application form

Para sa nais mag-apply sa programang ito kumpletuhin ang application form ng 「**Aplikasyon sa pinansyal na suporta para sa pag-aaral (SHUGAKUENJO)**」, at isumite kasama ang ibang mga kinakailangang dokumento sa paaralan kung saan ang inyong anak ay nag-aaral.

Ang resulta ng aplikasyon ay malalaman sa pamamagitan sa pag-abiso mula sa paaralan.

Ang deadline ng aplikasyon para sa mga bagong grade 1 ay

年 Taon 月 Buwan 日 araw ()

Hindi maibibigay o mababayaran 「ang gastos para sa school supplies o kagamitan sa pag-aaral para sa mga bagong mag-aaral」 kung mag-aplay matapos ang petsang ito.

No. 5 1 0 (Back page)

5 Mga matatanggap na pinansyal na suporta

- 1 School supplies 2 Mga kagamitan sa pagpasok 3 Mga aktibidad sa labas ng paaralan 4 Gastos para sa gamit sa pagpasok sa Grade 1 5 Gastos sa iskursiyon 6 Gastos sa iskursiyon sa mga likas na lugar
7 School lunch 8 Medikal na gastos (Para lamang sa bulok na ngipin, parasito (bulate)) 9 Gastos sa pagpasok at pag-uwi

※ Hindi kasama sa pinansyal na suporta ang mga gastusin para sa pagsali sa after school club. Para sa karagdagang mga impormasyon, magtanong lamang sa dibisyon ng Kodomo/Wakamono Seisaku ka.

6 Paraan ng pagbabayad

Ibibigay ang tulong sa mga tagapag-alaga/magulang sa pamamagitan ng bank transfer. Maaari din maibigay ng cash kung may espesyal na kadahilanan.

7 Iba pa

Maaaring magkaroon ng surbey sa sitwasyon ng sambahayan na isasagawa ng community welfare committee (chiiki minsei)/children's committee kung hindi maaprubahan sa aplikasyon lamang.

Ang impormasyon tungkol sa inyong sambahayan ay ipapaalam sa community welfare committee (chiiki minsei)/children's committee kung maaprubahan ang inyong aplikasyon sa shugakuenjo.

Community welfare committee (Chiiki minsei) /children's committee (Jidoiin)

Ang mga miyembro ng Community welfare committee (Chiiki minsei) /children's committee (Jidoiin) ay itinalaga ng Ministry of Health, Labor and Welfare.

Ang mga social worker na ito ay tumatanggap ng mga konsultasyon at tumutulong sa pangangalaga para sa maayos na pamumuhay at pag-aalaga ng mga bata sa inyong komunidad. Kumunsulta lamang at makakaasa po kayo na iingat ang inyong mga personal na impormasyon.

■ Para sa tanong :

Toyota City Board of Education

Gakko Kyoikuka

Academic Affairs Support representative

Tel : 0 5 6 5 - 3 4 - 6 6 6 1